Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-31 NG AGOSTO, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**
**WALA**

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 21-08-260

**KAPASYAHAN NG PAGKILALA SA FISHING BROTHERS, MGA SIKAT NA VLOGGERS MULA SA BARANGAY SAN FRANCISCO, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro, walo sa labinlimang barangay nito ay mga baybaying barangay na kung saan ang pangunahing kabuhayan ng mga tao dito ay nasa industriya ng pangisdaan at pagdadagat;

**"SAPAGKAT,** sa kabila ng mga pagsubok at kakulangan sa pamumuhay ay mapalad pa rin ang Bulalacao sa pagkakaroon ng mga indibidwal na mayroong kanais-nais at positibong karakter na siyang nagbibigay inspirasyon at pag-asa sa isang progresibo at matiwasay na komunidad;

**"SAPAGKAT,** ang Fishing Brothers ay tubong Barangay San Francisco na binubuo ng tatlong magkakapatid na sina Ed, Eric at Emer Magcalayo na sumikat sa larangan ng vlogging, nagsimula sila noong Pebrero taong, 2020 kung saan kanilang ipinakita ang panghuhuli ng mga isda at ibang lamang dagat kasama ang pagpapakilala ng magagandang lugar at Isla ng Bulalacao;

**"SAPAGKAT,** ang natural na karisma sa manonood ng Fishing Brothers at ganda ng yamang-dagat at turismo ng Bulalacao na kanilang ipinapakita ang naging dahilan upang umani sila ng maraming views, likes at followers sa mga social media platform kagaya ng youtube at facebook, sa ngayon sila ay mayroong 2,285 followers sa facebook at 137,000.00 subscribers at 24.8 million views sa youtube, at noong August 25, 2021, sila ay naitampok bilang Foodie Star ng programang Unang Hirit ng GMA 7 network;

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay nagagalak na kinikilala ang kasikatang natatanggap ng Fishing Brothers na siyang nagbibigay ng tuwa at karangalan sa bawat Bulalacaonon, at ang kanilang magandang layunin na isulong at ipakilala sa buong mundo ang natatanging ganda ng Bayan ng Bulalacao; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Kilalanin ang Fishing Brothers, mga sikat na vloggers mula sa Barangay San Francisco, Bulalacao, Oriental Mindoro,

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina SB Member Dennes M. Faner at SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY":**Agosto 31, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Sept 13, 2021

070921/PLP/jpc/admm

2021.05.25 15

Scanned with CamScanner